

# Siyasat-Suri sa Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon ng Timog Leyte: Isang deskriptibong paglalarawan

Cruzada, Metchie C.

*Puntana Elementary School, Philippines*

Galdo, Mark B. ✉

*Southern Leyte State University, Philippines* ([mgaldo@southernleytestateu.edu.ph](mailto:mgaldo@southernleytestateu.edu.ph))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received:** 15 January 2023

**Revised:** 20 April 2023

**Accepted:** 5 May 2023

**Available Online:** 31 May 2023

**DOI:** 10.5861/ijrse.2023.2004

## ***Abstract***

Every language has its own distinct characteristics which serves as its identity. The purpose of this study is to describe and analyze the similarities or differences of Binisayang Silagonhon and Binisayang Cabalianon language. This study used qualitative design using descriptive method in a form of online survey and interview. This study involves twenty (20) respondents which came from Silago and San Juan, Southern Leyte that has deep knowledge about their language. The objective of this study is to analyze the differences or similarities of the Binisayang Silagonhon and Binisayang Cabalianon language in order to generate a glossary to be used as supplement in teaching and learning of K-3 students of Southern Leyte to better understand the Mother Tongue Based Multilingual Education and other subject matter that uses MTB-MLE in teaching. Results revealed that Binisayang Cabalianon usually uses the phoneme /y/ which makes it different from other languages of the neighboring town. Substitution or addition of phoneme was evident based on the words that the respondents translated using their language but this process does not affect nor change the meaning of the particular word. Binisayang Silagonhon and Binisayang Cabalianon language found to have similarities and differences because of the heographic location of both towns. Therefore, it is suggested to conduct a study that focuses entirely on transcription of unfamiliar words that is used in every instructional material in teaching MTB-MLE subject and translating them using the first language of students of Southern Leyte for successful teaching and learning process.

**Keywords:** Binisayang Cabalianon, Binisayang Silagonhon, MTB-MLE, comparative, language

## **Siyasat-Suri sa Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon ng Timog Leyte: Isang deskriptibong paglalarawan**

### **1. Introduction**

Ang bawat lipunan ay mayroong katutubong wika at ang bawat lipunang ito ay bumubuo ng isang speech community na kinabibilangan ng mga tao na mayroong iba't ibang social orientation batay sa kanilang katayuan sa buhay, sa mga grupo na kanilang ginagalawan at maging sa iba't ibang tungkuling kanilang ginagampanan. Isa sa mga batayan sa baryasyon ng wika ay ang pagkakaiba ng katangian ng mga grupo na napapaloob sa istruktura ng isang wika na tinatawag namang sociolect o social dialect na siyang dahilan kung bakit ang bawat tao sa lipunan ay mayroong sariling pamamaraan ng paggamit ng kanilang wika na kilala naman sa tinatawag nating idiolect. Ito ay bunga sa pamilyang kanyang pinanggagalingan, sa grupo na kanyang sinasamahan, sa lugar na kanyang kinaroroonan, at sa mundo na kanyang ginagalawan. Ito ang nagtulak sa mananaliksik na pag-aralan ang tungkol sa wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon upang higit pang mapahalagahan, magamit at mapayabong ang kakanyahan ng mga wikang nabanggit.

Ang sinumang maghagad na maigapang ang kanyang sarili sa lipunang ginagalawan ay gumagamit ng komunikasyon. Ang tagumpay, kahirapan, kabiguan at kaligayan ng isang tao ay nakasalalay sa kanyang mabisang pakikipagtalastasan (Borong, 2015). Nabanggit ni Liwanag (2017) sa kanyang pag-aaral na pinamagatang “Community-based Descriptive Orthography of Surigaonon Language” na bilang lamang ang mga wikaing ginagamit sa paggawa ng mga materyales na nasusulat sa katutubong wika (Republic of the Philippines Department of Education, 2016). Sang-ayon kay Dumanig (2015), ang wikang Surigaonon ay naiiba kaysa sa ibang wika ng Visayas at Mindanao sa kadahilanang ang katinig at patinig ng wikang ito ay mayroong sariling tunog, diin, tono at sistemang morponemiko. Katulad rin ng mapapansin natin sa wikang Cabalianon, kakikitaan ito ng impluwensya ng wikang Surigaonon sa paraan ng pagsasalita ng mga mamamayan nito. Para kay Augusto (2018), tunay na nakadepende ang wika sa kultura ng isang lugar o bansa sapagkat mapapansin natin na mayroong mga salitang magkakatulad o halos magkapareho subalit nababago ang kahulugan nito depende sa tao at lugar na gumagamit. Isa lamang itong patunay na ang bawat wikain ng ating bansa ay magkakaugnay-ugnay dahil narin sa iisang pinanggagalingan nito. Ang pagkakaroon ng sapat at wastong pagkilala sa tulong ng katutubong wika mayroon ang isang tao ay mahalaga lalong-lalo na sa bansang Pilipinas na mayroong higit sa 170 na mga sinasalitang wika (Regalado, et al., 2018).

Napukaw ang interes ng mananaliksik na pag-aralan ang wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon sapagkat sa tagal ng may-akda na pansamantalang nanirahan sa bayan ng San Juan hindi talaga maiwasang mayroong mga panahong hindi nagiging matagumpay ang pakikipag-ugnayan sa kadahilan ng pagkakaroon ng ibang termino na hindi maiwasang siyang magamit sa pakikipag-usap lalo na kung taal na taga San Juan ang kausap. Sa kabilang banda, nais rin ng mananaliksik na makabuo ng glosaryo o talasalitaang kakikitaan ng mga salitang nasusulat sa wikang Sinugbuanong Binisaya na naisalin sa wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon upang kahit papaano ay maging pamalit sa mga malalalim na salitang siyang ginamit sa asignaturang Mother Tongue Multilingual Education at sa paggamit ng MTB-MLE sa pagtuturo ng iba pang asignatura sa elementarya partikular sa kindergarten, grade 1 at grade 2.

Dahil sa pagpapatupad ng Department of Education (DepEd) sa ilalim ng kautusang pangkagawaran bilang 16 taong 2012 ng kautusan sa paggamit ng Mother Tongue Multilingual Education (MTB-MLE) sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral mula kindergarten hanggang grade 3 sa halip na makatulong ang hakbang na ito ng DepEd na mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral, naging suliranin ng mga mag-aaral at maging ng mga magulang at guro ito. Dahil na rin sa kadahilanang ang mga salitang ginamit sa mga kagamitang pampagtuturo at mga panuto ay mga malalalim na salita na hindi karaniwan ginagamit at naririnig ng mga kabataan, magulang at guro. Kaya ang magiging kalalabasan ng pag-aaral na ito ay glosaryo o talasalitaang nasusulat sa Sinugbuanong

Binisaya na isinalin sa wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon.

Sa pamamagitan ng pagbuo ng isang glosaryo o talasalitaang Sinugbuanong Binisaya na isinalin sa wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon, inaasahan ng mananaliksik na mailahad ang layuning masuri ang dalawang wikang tampok sa pag-aaral na ito. At mula sa glosaryo o talasalitaang mabubuo, makikita dito ang kaibahan o pagkakatulad kung mayroon man sa dalawang wikang kasangkot.

Ang bayan ng Silago at San Juan ay parehong naging tirahan ng mananaliksik kung saan ang bayan ng Silago ay ang permanenteng tirahan habang ang San Juan naman ang naging tirahan ng mananaliksik habang nag-aaral sa kolehiyo at noong naging visiting instructor ng pamantasan kung saan nakapagtapos ng pag-aaral. Sa loob ng mga panahong inilagi ng mananaliksik sa bayan ng San Juan hindi naiwasan ang paglawak ng pakikipag-ugnayan sa mga taong nakakasalamuha dahil sa isang bukas na katotohanang parte ng ating buhay ang pakikipag-ugnayan upang maipaabot ang bawat hinaing, layunin, mithiin at pangarap sa buhay. At sa proseso ng pakikipag-ugnayan sa kapwa, hindi maikakailang mayroong mga panahong hindi nagiging matagumpay ang gawaing komunikasyon dahil sa baryasyon sa pagitan ng dalawang wika. Patunay lamang dito ang ilang mga pangyayari sa buhay ng mananaliksik habang nakikipagpalitang kuro o nakikipag-ugnayan sa mga mamamayan ng San Juan lalo na sa mga taong patuloy pa ring ginagamit ang kanilang katutubong wika kung saan kakikitaan ito ng mga malalalim na salita na walang impluwensya ng pagpapalit ng wika o code-switching at code-mixing. Maging ang paraan ng pakikipag-usap ng mga taga-San Juan (tono, din at gamit ng salita) ay naiiba sa paraan ng pakikipag-usap ng mga taga-Silago at ang mga pagkakaibang ito sa pagitan ng dalawang bayan ay dulot ng heograpiyang lokasyon kung saan matatagpuan ang mga bayang ito sa bahagi ng Timog Leyte.

### *1.1 Suliranin ng Pag-aaral o Layunin*

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang pagkakaiba o pagkakatulad ng wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon upang makabuo ng glosaryo o talasalitaan bilang kagamitang magsisilbing suplemental sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral ng Timog Leyte na nasa K-3. Tiniyak sa pag-aaral na ito ang sumusunod:

- Salitang magkakaiba sa Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon.
- Salitang magkakatulad sa Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon.
- Istruktura ng pangungusap sa Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon.

### *1.2 Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral*


Ang kabuuan ng pag-aaral na ito ay nakaangkla sa konsepto ni Bacalla (2019), na ang Pilipinas ay binubuo ng iba't ibang wikain kaya't hindi maikakailang nagtataglay rin ito ng iba't ibang barayti. Nangangahulugan lamang na mayroong kanya-kanyang barayti ang wika kahit nasa iisang rehiyon lamang ito katulad ng wikang Silagonhon at wikang Cabalianon. Dahil dito kaya't nagkaroon ng suliranin sa pagtuturo ng MTB-MLE sa mga bayan ng Timog Leyte dahil hindi lahat ng mga mag-aaral ay naiintindihan ang wikang ginagamit sa mga aklat kahit pa man nakasulat ito sa wikang Cebuano. Pinatutuhanan ito ni Chaturvedia (2015), na binanggit ni Borong (2019), sa kanyang pag-aaral na pinamagatang *Morphological Variations of the Dialects in Western and Southern Leyte*, na malaki ang ginagampanan ng heograpiya at katayuan sa buhay at lipunang ginagalawan maging sa paraan ng pananalita ng isang tao sa pagbabago ng wika.

Ginamit naman bilang pangalawang sandigan sa pag-aaral na ito ang konsepto nina Broadway at Zamora (2018), na nakabatay naman sa konsepto nina Dannels at Housley-Gaffney (2009), na ang komunikasyon at pagkatuto ay nararapat na magkaroon ng matatag na ugnayan upang ang kahirapan sa pag-aaral sa anumang larangan o asignatura ay mapagtatagumpayan sa pamamagitan ng maayos at epektibong paraan ng pagbanggit ng mga ideya at mga suliranin. Hindi mapasubalian ang kahalagahan ng paggamit ng wika sa pagkatuto at pagpapahayag ng anumang tugon o reaksiyon ng bawat mag-aaral sa interaksyong pangklasrum.

Tinatayang ang Sebvano/Cebuano ang ikalawa sa pinakasinasalitang wika sa bansa ayon sa Philippine Census (2000) na siyang kumakatawan sa ideolohiya, kakabit ang mga pagpapahalaga, kalinangan at kamalayan ng mga mamamayan sa lungsod ng Cebu sa Kabisayaan at maging sa mga importanteng lungsod ng Davao, General Santos, at Cagayan de Oro. Patunay rito ang pagtatala ng mga pag-aaral na nasusulat sa wikang ito kaya't sinasabing mas naging maunlad ang wikang Sebvano/Cebuano kaysa sa ibang katutubong wika. Naniniwala naman si Bautista (2015), na nagsimulang lumaganap ang pag-aaral sa wikang katutubo (kabilang na ang Sebvano/Cebuano) noong panahon ng pananakop ng kolonyalismong Kastila na pinangunahan ng mga dayuhang prayle.

Sang-ayon naman kay Badie (2021), ang Pilipinas ay isang multikultural na lipunang binubuo ng iba't ibang pangkat – Muslim o Bangsamoro, Kristiyano at Katutubo o Lumad at ang bawat isa ay itinuturing na yaman at dangal ng bansa, ng sariling kultura at lipunan. Dagdag pa ni Badie (2021), ang kultura o kalinangan ng bawat isa na bahagi ng kanyang karapatang pantao ay dapat unawain, isulong, at igoalang.

Kaya ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pahambing na pagsusuri sa wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon bilang isa sa mga katutubong wikain sa bansang Pilipinas na sinasalita sa bayan ng Silago at San Juan. Upang mapabisa ang pananaliksik na ito ninais ng mananaliksik na makabuo ng glosaryo o talasalitaang kakikitaan ng mga salitang nasusulat sa Sinugbuanong Binisaya na siyang pagbabatayan sa gagawing pagsasalin ng mga kalahok ng pag-aaral gamit ang wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon.



Pigura 1. Iskemantik-Dayagram ng Pag-aaral

## 2. Metodolohiya

**Disenyo ng Pananaliksik** - Ang pamaraang pananaliksik na ginamit sa pag-aaral na ito ay kwalitatibong disenyo sa paraang deskriptibo gamit ang online sarbey at interbyu. Angkop ang disenyong ito sa paksang napili sapagkat nakatuon ito sa pagsusuri sa kaibahan o pagkakatulad sa wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon. Binanggit sa pag-aaral nina Alavarado at Zamora (2021) ang pagpapakahulugan nina Cassell at Symon (1994) sa kwalitatibong pananaliksik at ito ay nangangahulugang nakapokus sa pagpapakahulugan kaysa pagbibilang ng kasagutan: pagbibigay-tuon sa subhektibo kaysa obhektibo.

**Lugar ng Pag-aaral** - Isinagawa ang pananaliksik na ito sa bayan ng Silago at San Juan na parehong matatagpuan sa Timog Leyte sa rehiyon VIII. Partikular sa barangay Tubod na isa sa labinlimang (15) barangay ng Silago habang sa Agay-ay, Bobon, Garrido, San Jose at Sua naman mula sa bayang ng San Juan. Ang orihinal na pangalan ng lugar ay Cabalian subalit ito ay pinalitan sa pangalan na San Juan bilang pagpupugay sa patron ng bayan na si San Juan Bautista (<https://southernleyte.gov.ph/local-government-units/san-juan>). Ang bayan ay mayroong labingwalong (18) barangay kung saan nagmula ang iba pang mga kalahok ng pag-aaral.

**Kalahok ng Pag-aaral** - Ang pananaliksik na ito ay mayroong dalawampung (20) respondante na pinili gamit ang purposive sampling. Ang mga kalahok ng pag-aaral ay mga mag-aaral at guro na nasa gulang 20-50 na pinili ayon sa tulong ng key informant. Ang purposive sampling ay payak, madaling gamitin at angkop sa pagkamit ng layunin ng pananaliksik (Campbell et al., 2021). Sinang-ayunan naman ito nina Etikan, Musa, at Alkassim (2016), na ang mga mananaliksik na gumagamit nito ay maingat at masusing pinipili ang mga kalahok batay sa layunin ng pananaliksik kung saan ang bawat isa ay inaasahang magbibigay ng sapat at wastong datos na kailangan upang mapagtibay ang pananaliksik.

Ang mga kalahok ay mula sa iba't ibang barangay ng San Juan (dalawa mula sa barangay ng Agay-ay, isa mula sa Bobon, isa mula sa Garrido, apat mula sa San Jose at dalawa naman mula sa Sua) habang sa bayan ng Silago, mga mamamayang mula sa barangay Tubod (sampung mamamayan) ang piniling kalahok. Upang maisagawa ang pananaliksik, sinigurong taal na mamamayan ng nasabing mga bayan ang mga kalahok ng pag-aaral. Mula sa dalawampung kalahok ng pag-aaral, apat dito ang nasa gulang 20-25, tatlo ang nasa gulang 26-30, dalawa ang nasa gulang 36-40, apat ang nasa gulang 41-45 at ang huling pito ay nasa gulang 46-50. Ang apat na kalahok na ito na nasa gulang 20-25 ay pawang mga mag-aaral ng Southern Leyte State University – San Juan Campus at ang labing-anim ay mga gurong nagtuturo sa Southern Leyte State University – San Juan Campus at sa Department of Education, Southern Leyte Division, Silago District. Sumatotal mayroong labing-isang kalahok ng pag-aaral na ang kasarian ay lalaki at siyam naman ang babae.

Ayon kina Denzin at Lincoln (2011), na binanggit sa pag-aaral nila Flemming at Zegward (2018), ang etikal na pananaliksik ay binubuo ng dalawang mahalagang elemento kung saan ang bawat elemento ay maingat na isinaalang-alang, ang 'informed' at 'consent'. Ang mga kalahok ng pag-aaral ay marapat lamang na may alam patungkol sa mga katanungang maaaring itanong sa kanila, paano at para saan gagamitin ang mga nakalap na datos, maging ang mga maaaring kahihinatnan ng pag-aaral kung sakali. Pinatutuhanan naman ito ni Mazumdar (2022), na ang pagsasaalang-alang sa etikal na gawain ng pananaliksik ay mahalagang alam ng bawat mananaliksik sapagkat ito ang nagsisilbing patnubay at panuntunan upang mapanatili ang moralidad at katotohanan ng pag-aaral.

**Instrumento ng Pag-aaral** - Ginamit ng mananaliksik ang sarbey kwestyuner upang maisagawa ang pananaliksik kung saan ang nasabing talatanungan ay binubuo ng dalawang bahagi. Makikita sa unang bahagi ng talatanungan ang talaan ng mga salita na binubuo ng limampung (50) salitang nasusulat sa wikang Sinugbuanong Binisaya na siyang pagbabatayan sa gagawing pagsasalin ng mga kalahok ng pag-aaral. Ang mga salitang tampok sa nasabing instrumento ng pag-aaral ay ang mga salitang araw-araw na ginagamit at naririnig sa pakikipag-ugnayan sa kapwa. Habang sa ikalawang bahagi ng nasabing talatanungan makikita ang sampung (10) halimbawang pangungusap na nasusulat pa rin sa wikang Sinugbuanong Binisaya na isasalin naman ng mga respondante gamit ang sariling wika. Sa tulong ng sosyal midya partikular ng messenger, ibinahagi ng mananaliksik ang nabuong talatanungan sa mga napiling respondante ng pag-aaral upang kanilang masagutan. Nakasulat sa A4 na papel, gamit ang times new roman na font, 12 naman ang font size nito, mayroong normal na margin at double spacing. Mayroong mga personal na impormasyong hinihingi ang nasabing talatanungan gaya ng pangalan (optional), edad, at lugar.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos** - Naghanda ang mananaliksik ng talaan ng mga salitang karaniwan ginagamit sa araw-araw na pakikipagkomunikasyon. Mula sa nagawang talaan ng mga salita, nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga kalahok ng pag-aaral sa pamamagitan ng sosyal midya at gamit ang messenger, ipinasa

ang talaan ng mga salita at ang mga nakahandang pangungusap na siya namang isinalin ng mga kalahok online gamit ang kanilang sariling wika. Isinagawa ang online sarbey at interbyu upang malikom ang mga kinakailangang datos at impormasyon.

**Paraan ng Pagsusuri ng Datos** - Matapos malikom ang mga datos mula sa isinagawang online sarbey at interbyu, nagsimula ang mananaliksik sa pagsuri gamit ang deskriptibong pamamaraan ng pagsusuri kung saan inilarawan lamang ng mananaliksik ang mga salita at istruktura ng pahayag batay sa mga naging kasagutan ng mga kalahok ng pag-aaral gamit ang kanilang wika sa Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon upang makita ang pagkakaiba o pagkakatulad ng dalawang wikain. Ayon kay Dudovskiy (2018) na sinipi sa pag-aaral nina Alvarado at Zamora (2021), na ang deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik ay pagtatangka sa pagtukoy at paglalarawan kung ano ang datos na nakalap.

### 3. Resulta at Talakay

Nakatuon ang pananaliksik na ito na alamin ang pagkakatulad o pagkakaiba sa wika ng mga kalahok ng pag-aaral at batay sa resulta ng isinagawang online sarbey at interbyu makikita sa bahaging ito ang pagtalakay sa mga nalikom na datos.

#### Talahanayan 1

##### *Salitang Magkakaiba sa Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon*

Sinugbuanong Binisaya	Binisayang Silagonhon	Binisayang Cabalianon
baboy ihas	baboy ihas	baboy ihayas baboy ihas
balanghoy (cassava)	balanghoy	singapore balanghoy
bawod	bawod	bayud
bay/balay	bay	bayay
bulawan	bulawan	buyawan bulawan
bungol	bungol	bungoy
buwak	buwak	buyak
da (bitbit)	da	daya dalha
dan (agianan)	dan	dayan
dawugdog	dawugdog dinha	dayugdog
diha	dira diha	diha
has (snake)	has	hayas
hawok	hawok	hayok hawok
ikatulo	ikatulo	ikatuyo
iro	iro	ido
isla	isla pu	puyo isla
kajo	kajo	kayajo kajo
karun	karun	kuman
katol	katol	katoy
katugon	katugon	katuyugon
kawot	kawot	kayot kayota
lawom	lawom	layom
nahog	nahog	nahuyog
napu (ten)	napu	napuyo
naunsa	naunsa	nauno naunsa
puwa	puwa	puya
su (torch)	su	suyo suga

sud (enter)	sud	suyod
sulti	sulti	laong
	istorya	sulti
tu (sa uwan)	tu (sa uwan)	tuyo (sa uyan)
tud (push)	tud	tuyod
	handos	
tulo	tulo	tuyo
tun (swallow)	tun	tuyon
	tunla	tunla
ud (worm)	ud	uyod
ulo	ulo	uyo
	o	
unsa	unsa	uno
		unsa
uwan	uwan	uyan
uwat	uwat	uyat
wa (left)	wa	waya

Makikita sa talahanayan 1 ang mga salitang nakasulat sa wikang Sinugbuanong Binisaya na tinumbasan ng mga kalahok sa kanilang sariling wika, ang wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon. Mapapansing mayroong ilang salita sa Sinugbuanong Binisaya na tinumbasan ng mga kalahok ng higit sa isang salita o katawagan.

Batay sa mga naging pagtutumbas ng mga kalahok ng pag-aaral na mula sa bayan ng San Juan, ang salitang *baboy iias* (baboy damo) ay naging *baboy ihayas* o *baboy ihas*, ang salitang *bulawan* (ginto) ay naging *buyawan* o *bulawan*, ang salitang *kajo* (apoy) na tinumbasan sa wikang Binisayang Cabalianon na *kayajo* o *kajo*. Ang salitang *kawot* (kamutin) na naging *kayot* o *kayota* sa nasabing wika pa rin, *naunsa* (ano o papaano) naging *nauno* o *naunsa*, *su* (ilaw) na naging *suyo* o *suga*, *sulti* (salita) na naging *laong* o *sulti*, at ang salitang *unsa* (ano) naging *uno* o *unsa* naman sa pareho pa ring wika, ang wikang Binisayang Cabalianon.

Samantalang mayroon lamang iilang salita sa Sinugbuanong Binisaya na mayroong higit pa sa isa ang ginawang pagtutumbas ng mga kalahok na mula sa bayan ng Silago. Ito ay ang mga salitang *diha* (*diyan*) na tinumbasan sa wikang Binisayang Silagonhon na *dinha*, *dira* at *diha*, ang salitang *isla* (isla o kapuluan) na tinumbasan bilang *isla* o *pu*, *sulti* (salita) na *sulti* pa rin sa Binisayang Silagonhon ngunit mayroong ilang kalahok na tinumbasan ito bilang *istorya*. *Tud* (itulak) na parehong ginagamit rin sa wikang Binisayang Silagonhon subalit tinumbasan naman ito ng ibang kalahok na *handos*, *tun* (lunok) na mayroong ibang tawag na *tunla* at ang *ulo* na tinumbasan naman ng parehong salita, *ulo* at *o* na parehong ginagamit sa pakikipagkapwa at sa araw-araw na pakikipagtalastan.

Habang ang ibang salita mula sa wikang Sinugbuanong Binisaya ay mapapansin natin na walang pagkakaiba sa pagtutumbas sa wikang Binisayang Silagonhon, iba ang nangyayari sa wikang Binisayang Cabalianon. Ang mga salita sa wikang Binisayang Cabalianon ay kakikitaan natin ng pagpapalit ng ponema at pagdaragdag sang-ayon sa hinihingi ng pagkakataon batay sa mga salitang nakasulat sa wikang Sinugbuanong Binisaya. Ang wikang Binisayang Cabalianon ay karaniwan gumagamit ng ponemang /y/ dulot ng impluwensya ng wikang Surigaonon dahil sa ugnayan ng dalawang lugar sa panahon ng pananakop noon ng mga Kastila sa bansang Pilipinas sa pamamagitan ng pakikipagkalakalan (Corazon et.al, 2018). Ito ang nagpapaiba sa wikang Binisayang Cabalianon sa ibang mga wikain sa bayan ng Timog Leyte partikular sa mga karating bayan ng pacific area. Halimbawa ng mga salitang ginagamitan ng ponemang /y/ ay ang, *bawod-bayud*, *bungol-bungoy*, *buwak-buyak*, *dawugdog-dayugdog*, *hawok-hayok*, *ikatulo-ikatuyo*, *katol-katoy*, *lawom-layom* at marami pang iba.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, mayroon ring pagpapalit o pagdaragdag na nagyayari sa wikang Binisayang Silagonhon (*hawok-halok*, *sulti-istorya*, *tud-handos*, *tun-tunla*, *ulo-o*) at sa wikang Binisayang Cabalianon (*bay-bayay*, *da-daya*, *dan-dayan*, *has-hayas*, *kajo-kayajo*, *kawot-kayota*, *su-suyo*, at *wa-waya*) at ito

ay isa lamang patunay sa kakanyahang taglay ng isang wika. Ayon kay Fontanella (2014) na binanggit ni Borong (2019), hindi nababago ng pagpapalit o pagdaragdag na ito ang kahulugan ng isang salita dahil mayroong mga ponemang napapalitan ngunit hindi nagbabago ang kahulugan.

Sa kabilang banda, mayroon mga salitang Binisayang Cabalianon na itinumbas ng mga kalahok na naiiba ang pakahulugan sa Binisayang Silagonhon tulad halimbawa ng salitang *puyo* na siyang itinumbas sa Sinugbuanong Binisaya na salitang *isla* ay mayroong ibang kahulugan sa Binisayang Silagonhon sapagkat ito ay nangangahulugang *manatili* (stay) sa isang lugar, *suyo* para sa salitang *su* na iba naman ang kahulugan sa Binisayang Silagonhon, ito ay nangangahulugang *amuin* o *suyuin*, *suyod* sa salitang *sud* ngunit ang *suyod* para sa Binisayang Silagonhon ay tumutukoy sa *suklay*, *tuyo* na itinumbas sa salitang *tu*, kung saan ang salitang *tuyo* sa Binisayang Cabalianon ay nangangahulugang *panahog sa lutuin* sa Binisayang Silagonhon, at ang salitang *uno* na itinumbas sa salitang *unsa* ay nangangahulugang *bilang* o *numero* para sa Binisayang Silagonhon. Mayroon ring mga salita sa Binisayang Cabalianon na hindi ginagamit kaya walang katumbas na kahulugan sa Binisayang Silagonhon tulad ng mga salitang *Ido* (iro), *kuman* (karun), *laong* (sulti) at *nauno* (naunsa) kaya mayroong mga pagkakataong hindi nagkakasundo sa pag-uusap ang dalawang tao mula sa magkaibang lugar kahit pa wala naman talagang isang wika na higit na makapangyarihan kaysa sa ibang wika subalit batay sa kinalabasan ng pag-aaral ni Borong (2019), na ang mga wika ng kanluran at timog leYTE ay mayroong iba-ibang terminolohiya at kaakibat nito ang sariling pagpapakahulugan at gamit.

## Talananayan 2

### *Salitang Magkakatulad sa Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon*

Sinugbuanong Binisaya	Binisayang Silagonhon	Binisayang Cabalianon
bati (ugly)	ngil-ad	ngil-ad
gabie	gabie	gabie
huy-ab	huy-ab	huy-ab
kanus-a	kanus-a	kanus-a
kinsa	kinsa	kinsa
kuko	kuko	kuko
ngano	ngano	ngano
ngitngit	ngitngit	ngitngit
suka (vomit)	suka	suka
tug-ab	tug-ab	tug-ab
walo	walo	walo

Ipinapakita naman sa ikalawang talananayan ang mga salitang Sinugbuanong Binisaya na mayroong parehong katawagan sa wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon. Magkatulad na tinumbasan ng mga kalahok ang ilang salita sa Sinugbuanong Binisaya gamit ang kanilang sariling wika at ito ay naging posible dahil bawat wika ng Pilipinas sa kabila ng pagkakaroon ng taglay na natatanging kakanyahang siyang nagpapaiba o nagsisilbing pagkakakilanlan sa kultura at kanlungan ng lahing pinagmulan na taglay ng isang bansa, ng isang lugar o ng isang bayan, hindi maikakailang iisa lamang ang pamilyang pinagmulan ng mga wikain sa Pilipinas. Patunay rito ang naging resulta ng pananaliksik ni Borong (2017) na binanggit ni Borong (2019), na tunay na hindi maiiwasang magkaroon ng ibang katawagan o katumbas ang isang salita dulot na rin ng heograpiyang aspeto na siyang isa sa mga mahahalagang salik na nakakaimpluwensya sa paggamit, pag-unlad, pagyabong at paghubog ng isang wika. Ngunit, sa kabilang banda, ang dalawang magkakalapit na bayan ay maaaring gumamit ng parehong wika lalo pa at pareho lamang silang matatagpuan sa iisang probinsya.

Ang istruktura ng pangungusap sa wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon mula sa ginawang pagtutumbas ng mga kalahok ay matatagpuan naman sa talananayan 3 kung saan makikita nating payak na tinumbasan ng mga kalahok na mula sa bayan ng Silago ang mga pangungusap sa wikang Sinugbuanong Binisaya. Ibig sabahin, kung paano nakasulat ang mga pangungusap sa wikang Sinugbuanong Binisaya ay ganoon parin ang pagkakabuo ng mga pangungusap sa wikang Binisayang Silagonhon batay sa naging kinalabasan ng pagtutumbas ng mga kalahok. Sa kabilang banda naman, makikitang ang paraan ng pagkakabuo o istruktura ng mga pangungusap sa wikang Sinugbuanong Binisaya ay napanatili sa wikang



Binisayang Cabalianon sa kadahilanang naging salita-sa-salita ang ginawang pagtutumbas ng mga kahalok mula sa bayan ng San Juan. Ipinapakita sa nasabing talahanayan na mayroon lamang mga partikular na salita mula sa halimbawang pangungusap ang siyang tinumbasan ng mga kalahok gamit ang sariling wika. Halimbawa sa unang pangungusap na *Daghang tanom ilang bay* (Maraming tanim ang kanilang bahay) ang salitang *bay* (bahay) lamang ang makikita nating siyang tinumbasan ng kalahok at hindi na binago ang pagkakabuo ng pangungusap at ito ay naging *Daghang tanom ilang bayay*. Ganoon rin ang nangyari sa iba pang mga halimbawang pangungusap na pinanatili ang ayos o pagkakabuo/istruktura ng pangungusap sapagkat mayroon lamang mga partikular na salita na siyang tinumbasan ng mga kalahok gamit ang sariling wika.

### Talahanayan 3

#### *Istruktura ng Pangungusap sa Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon.*

Sinugbuang Binisaya	Binisayang Silagonhon	Binisayang Cabalianon
Daghang tanom ilang bay.	Daghang tanom ilang bay.	Daghang tanom ilang bayay.
Kusog nga uwan ug dawogdog ang nabati sa tulo ka bata.	Kusog nga uwan ug dawogdog ang nabati sa tulo ka bata.	Kusog nga uyan ug dayogdog ang nabati sa tulo ka bata.
Katol ang ahong ulo.	Katol ang ahong ulo.	Katoy ang ahong uyo.
Ngitngit ang dan basta gabie.	Ngitngit ang dan basta gabie.	Ngitngit ang dayan basta gabie.
Lawom ug kusog ang bawod sa dagat.	Lawom ug kusog ang bawod sa dagat.	Layom ug kusog ang bayod sa dagat.
Naunsa pagkahug injong iro?	Naunsa pagkahug injong iro?	Nauno pagkahuyog injong ido?
Natun sa bata ang kendi.	Natun sa bata ang kendi.	Natuyon sa bata ang kendi.
Kanus-a nanguha emong nanay og balanghoy?	Kanus-a nanguha emong nanay og balanghoy?	Kanus-a nanguha emong nanay og singapore?
Kinsay naggamit og su gabie?	Kinsay naggamit og su gabie?	Kinsay naggamit og suyo gabie?
Unsay sulti ni nanay usa ka nilakaw?	Unsay sulti ni nanay usa ka nilakaw?	Unoy laong ni nanay usa ka nilakaw?

Walang malaking pagbabago kung istruktura ng pangungusap ang pag-uusapan batay na rin sa naging kinalabasan ng pagtutumbas ng mga kalahok sa sariling wika dahil sang-ayon kay De Catalina (2016) na nabanggit sa pag-aaral nina Alvarado at Zamora (2021), ang wika ng Cebu, Bohol, Negros, Leyte, Panay at Samar na Binisaya-Sinugboanon o Visayan-Cebuano ay tumutukoy sa pangkalahatan patungo sa partikular.

Sa kabuuan, mahalagang pag-aralan pa ang kakanyahan ng bawat katutubong wika sa bansang Pilipinas upang masuri ang kaugnayan ng mga wikang ito sa iba pang mga wikain ng bansa, pangunahing wika man o hindi. Ito rin ay nakaangkla sa resulta ng pag-aaral nina Galdo at Serdan (2019) na mas mahalagang pagtuonan ng pansin ang pag-aaral sa wikang kinagisnan upang magkaroon ng kabuluhan at kahalagahan ito sa mga mag-aaral. Tuon rin ng pag-aaral na ito na makabuo ng isang talasalitaang kakikitaan ng iba't ibang Sinugbuang Binisaya na tinumbasan sa wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon upang magamit bilang kagamitang pampagkatuto na maaaring maging supplemental sa pagtuturo at pagkakatuto ng mga mag-aaral mula K-3 ng Timog Leyte.

### 4. Konklusyon

Ang wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon ay may kakanyahan sa wika. Ang wika na ito ay may kakaibang istruktura na siyang tumutukoy sa kung saang lugar ito isinasalita. Patunay rin ito na nakadepende ang wika sa kultura ng isang lugar o bansa sapagkat mapapansin natin na mayroong mga salitang magkakatulad o halos magkakapareho subalit nababago ang kahulugan nito depende sa tao at lugar na gumagamit.

Katulad na lamang sa kinalabasan ng pag-aaral na ito kung saan napatutuhanang nababago ang kahulugan ng isang salita at matutunghayan ito sa ginawang pagtutumbas ng mga kalahok ng pag-aaral sa salitang *isla* na siyang pinagbatayan ng pagsasalin gamit ang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon. Ang salitang *isla* sa Sinugbuang Binisaya ay napanatili ang katawagan sa Binisayang Silagonhon subalit ang nasabing salita ay naging *puyo* sa Binisayang Cabalianon. Ang salitang *puyo* sa Binisayang Cabalianon ay mayroong ibang kahulugan sa Binisayang Silagonhon at ito ay nangangahulugang *manatili* (stay). Iba pang patunay na nagkakaroon ng bagong kahulugan ang isang salita kapag naisalin sa iba o panibagong wika ay ang mga salita sa

Sinugbuanong Binisaya na *su*, *sud*, *tu*, *tulo*, at *unsa*. Ang mga salitang ito ay napanatili ang katawagan at kahulugan kahit pa man naisalin na ng mga kalahok gamit ang Binisayang Silagonhon ngunit kung Binisayang Cabalianon na ang pag-uusapan, ang mga salitang ito ay nagkakaroon ng bagong kahulugan. Katulad na lamang sa salitang *su* na naging *suyo* sa Binisayang Cabalianon. Ang pagtutumbas na ito ng mga kalahok gamit ang Binisayang Cabalianon ay mayroong ibang kahulugan sa Binisayang Silagonhon kung saan ang *suyo* para sa mga mamamayang ng bayan ng Silago ay nangangahulugang *amuin* o *suyuin*. Ganon pa rin sa salitang *sud* na tinumbasan sa Binisayang Cabalianon ng *suyod* na nangangahulugang *suklay* naman sa Binisayang Silagonhon. Ang salitang *tu* (patak ng ulan) at *tulo* (numero o bilang) ay tinumbasan ng salitang *tuyo* sa Binisayang Cabalianon na nangangahulugan namang *panahog sa lutuin* sa Binisayang Silagonhon. Maging ang salitang *unsa* (ano) sa Sinugbuanong Binisaya ay nagkaroon ng bagong katawagan at kahulugan sa Binisayang Cabalianon. Ang salitang *unsa* ay tinumbasan ng salitang *uno* sa Binisayang Cabalianon na nangangahulugan pa ring bilang o numero sa Binisayang Silagonhon.

Mayroon pang mga salita sa Binisayang Cabalianon tulad ng salitang *ido* (iro), *kuman* (karun), *laong* (sulti), at *nauno* (naunsa) na hindi ginagamit sa Binisayang Silagonhon sa pakikipagtalastasan kaya't tunay na nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan sa pakikipagtalastasan sa pagitan ng dalawa o higit pang taong mula sa iba-ibang lugar.

Sa kabilang banda, mayroon namang mga salitang magkakatulad sa Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon. Tulad na lamang ng mga salitang *bati* (pangit), *gabie* (gabi), *huy-ab* (hikab), *kanus-a* (kalian), *kinsa* (sino), *kuko* (kuko), *ngano* (bakit), *ngitngit* (madilim), *suka* (sumuka), *tug-ab* (dighay), at *walo* (walo). Kahit pa man naisalin na ang mga nasabing salita sa higit sa isang wika ay napanatili pa rin nito ang katawagan at kahulugan sapagkat ang mga bayang gumagamit ng wikang Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon sa pakikipag-usap ay parehong matatagpuan lamang sa iisang probinsya at napag-alamang kahit na mayroong mga salitang magkakaiba ang pagkakatumbas sa dalawang wika ay napapanatili pa rin nito ang kahulugan.

Kung istruktura ng pangungusap naman sa Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon ang pag-uusapan, masasabing wala masyadong pagkakaiba o pagbabago sa pagitan ng dalawang wika katulad ng naging resulta ng pag-aaral na ito. Payak at naging salita-sa-salita ang ginawang pagtutumbas ng mga kalahok gamit ang sariling wika. Ang pagtutumbas na ginawa ng mga kahalok sa mga pangungusap sa Sinugbuanong Binisaya ay napanatili sa Binisayang Silagonhon dahil nga sa payak lamang ang ginawang pagtutumbas ng mga kalahok. Ibig sabihin, kung paano nakasulat ang mga pangungusap sa Sinugbuanong Binisaya ay ganon pa rin ang pagkakasulat sa Binisayang Silagonhon kahit na naisalin na ng mga kalahok ang mga nasabing pangungusap gamit ang sariling wika. Samantalang sa Binisayang Cabalianon, makikitang mayroon lamang mga partikular na salita ang tinumbasan ng mga kalahok gamit ang Binisayang Cabalianon. Tulad halimbawa ng salitang *bay* (bahay) na makikita natin sa unang pangungusap na matatagpuan sa talahanayan 3, ang salitang *bay* (bahay) ay tinumbasan sa Binisayang Cabalianon ng salitang *bayay* kaya't ang pangungusap sa Sinugbuanong Binisaya na *Daghang tanom ilang bay* (Maraming tanim ang kanilang bahay) ay naging *Daghang tanom ilang bayay*. Gayundin ang iba pang pangungusap tulad ng *Katol ang ahong ulo* (Makati ang aking ulo), ang salitang *katol* (makati) at *ulo* (ulo) ay tinumbasan ng mga kalahok sa wikang Binisayang Cabalianon na *katoy* at *uyo*, kaya ang pangungusap ay naging *Katoy ang ahong uyo*, *Naunsa pagkahug injong iro?* (Paano nahulog ang aso ninyo?) ang salitang *naunsa* (paano), *pagkahug* (hulog) at *iro* (aso) ay isinalin sa Binisayang Cabalianon at naging *nauno*, *pagkahuyog* at *ido* kaya't ang pangungusap sa Sinugbuanong Binisaya ay isinalin ng mga kalahok at naging *Nauno pagkahuyog injong ido?* at *Unsay sulti ni nanay usa ka nilakaw?* (Anong sabi ni inay bago ka umalis?) ang salitang *unsay* (ano) at *sulti* (sabi/wika) ay naging *unoy* at *laong* at ang naging kinalabasan ng pangungusap ay naging *Unoy laong ni nanay usa ka nilakaw?* Ang pagkakaibang ito sa mga istruktura ng pangungusap sa Binisayang Silagonhon at Binisayang Cabalianon ay hindi masyadong nalalayo sapagkat nabanggit ni Borong (2019) sa kanyang pag-aaral ang paniniwala nina Santos at Hufana (2008) na ang pagkakaiba sa wika ay matatagpuan lamanag sa tunog, bokabularyo, balarila o iba pang panlabas na mga kadahilanan tulad ng heograpiya o mga panlipunang pangkat na patuloy na nakikipag-ugnayan sa isa't isa.

## 5. Bibliograpiya

- Alvarado, E., & Zamora, N. A.C. L. (2021). *Pedagohikal Na Gramar Ng Sinugbuanong Binisaya: Balangkas Ng Mga Gawaing Komunikatibo Sa Pagtuturo-Pagkatuto Ng Filipino*.
- Augusto Jr, W. S. (2018). Leksikong Kultural ng Tagalog at Sinugbuanon: Isang Analisis. *Malay*, 31(1).
- Bacalla, L. A. *Pagtataya ng Mtb-Mle: Tugon Sa Pagpapaunlad Ng Implementasyon Ng K To 12 Kurikulum*.
- Badie, J. Y. (2021). *Uswag kalinangan tungo sa pagbuo ng mungkahing programa para sa mga Mulusiyano sa Pamantasang Notre Dame*.
- Broadway, M. S., & Zamora, N. A. C. L. (2018). Ang Filipino Bilang Wika sa Matematika: Isang Palarawang Pagsusuri sa Kaso ng isang Pribadong Paaralan (Filipino as a Language of Mathematics: A Descriptive Analysis in the Case of a Private School in the Philippines). *The Normal Lights*, 12(1).
- Borong, N. (2015). *Pahambing na Pagsusuri ng Wikang Cebuano at Badjao sa Larangan ng Ponolohiya*. (Unpublished). San Isidro, Tomas Oppus, Southern Leyte.
- Borong, N. L. (2017). *Socio-geographical linguistic theory on Filipino language teaching: Gabaysamtb-mle* (Unpublished PhD Dissertation). Cebu Normal University, Cebu City, Philippines.
- Borong, N. (2019). Morphological Variations of the Dialects in Western and Southern Leyte. *Journal of Educational and Human Resource Development*, 7, 41-53. Retrieved from <http://ijterm.org/index.php/jehrd/article/view/18>
- Campbell, S., Greenwood, M., Prior, S., Shearer, T., Walkem, K., Young, S.,...&Walker, K. (2020). Purposive sampling: complex or simple? Research case examples. *Journal of Research in Nursing*, 25(8), 652-661.
- Corazon, N., Gula, A., Alute, S., Bermoy, A., & Libot, D. (2018). *Impluwensiya ng Salitang Cabalianon sa mga Estudyante sa SLSU-CBM na Nasa Ikaapat na Antas*. (Unpublished) Southern Leyte State University, San Juan, San Juan, Southern Leyte.
- Deped (2012). *Guidelines on the Implementation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE)*. Retrieved from <http://deped.gov.ph/orders/do-16-s-2012>
- Dumanig, F. P. (2015). Descriptive analysis of the Surigaonon language. *Polyglossia*, 27.
- Etikan, I., Musa, S. A., & Alkassim, R. S. (2016). Comparison of convenience sampling and purposive sampling. *American journal of theoretical and applied statistics*, 5(1), 1-4.
- Galdo, M. B. & Serdan, G. A. (2019). School language versus home language: the paradox of mother tongue-based multilingual education in the Philippines. *Journal of Educational and Human Research Development* 7:1-12.
- Liwanag, M. H. (2017). Community-based Descriptive Orthography of Surigaonon Language.
- Regalado, R. V., Agarap, A. F., Baliber, R. I., Yambo, A., & Cheng, C. (2018) Use of Word and Character N-Grams for Low-Resourced Local Languages. International Conference on Asian Language Processing (IALP), 2018, pp. 250-254. <https://doi.org/10.1109/IALP.2018.8629235>

